

Helsinki

Impormasyon sa Finnish bilang ikalawang lengguwaheng (S2) Edukasyon para sa mga magulang/tagapangalaga ng mga komprehensibong mag- aaral sa paaralan



Mga Nilalaman

Introduksyon.....	3
Edukasyong sumusuporta sa pag-unlad ng kahusayan sa lengguwahe	3
Pagpili sa programa ng pag-aaral ng Finnish bilang ikalawang lengguwahe at literatura.....	4
Pagtuturo, pagsusubaybay sa kakayahan sa lengguwahe at pagpapalit ng programa ng pag-aaral	5
Ang S2 syllabus sa kurikulum.....	6
Mga pamamaraan sa pagsasagawa ng S2 syllabus.....	6
Multilingualismo sa paaralan	7
Ang tungkulin ng mga magulang/tagapangalaga sa pagsuporta sa kahusayang linggwistika	8
Pagpapanatili ng kahusayan sa katutubong wika	8

Introduksyon

Ang gabay na ito ay naghahatid ng impormasyon sa Finnish bilang ikalawang lengguwaheng edukasyon sa komprehensibong paaralan para sa mga magulang/tagapangalaga ng mga mag-aaral sa mga paaralan sa Helsinki. Nagbibigay ito ng kasagutan sa mga sumusunod na katanungan, bukod sa iba pa:

- Ano ang Finnish bilang ikalawang lengguwaheng (S2) edukasyon?
- Ano ang mga batayan sa pagrerekomenda ng S2 na edukasyon sa isang mag-aaral?
- Paano inoorganisa ang S2 na edukasyon sa mga paaralan?
- Paano susuportahan ng mga magulang/tagapangalaga ang pag-unlad ng mga bata sa lingguwistika?

Ang katulad na mga kasanayan at impormasyon ay tumutukoy rin sa Swedish bilang ikalawang lengguwahe sa mga paaralan sa Helsinki sa malaking antas, maliban sa ang S2 na edukasyon ay ibinibigay sa Swedish

Edukasyong sumusuporta sa pag-unlad ng kahusayan sa lengguwahe

Ang mga komprehensibong paaralan sa Helsinki na may lengguwaheng Finnish at Swedish ay nag-aalok ng edukasyong nakatuon sa edukasyonal na pangangailangan ng mga multilinggwal at imigranteng mag-aaral. Kabilang dito ang edukasyong paghahanda, instruksyon sa katutubong wika at Finnish bilang ikalawang lengguwahe, kung saan ang gabay na ito ay pangunahing nakatuon. Ang pag-aaral ng mga lengguwahe ay naitataguyod din sa instruksyon ng iba't ibang asignatura sa pamamagitan ng pagpapalawak sa bokabularyo ng mga bata at pagsasanay sa iba't ibang kakayahan sa pagbabasa at pagsusulat.

Edukasyong paghahanda

Ang mga mag-aaral na ang kanilang kahusayan sa lengguwaheng Finnish o Swedish ay mas mababa sa elementaryang kahusayan (skill level A1) ay idinidirekta sa edukasyong paghahanda. Ang mga mag-aaral na bagong lipat lamang sa Finland o mga ipinanganak sa Finland na nangangailangan ng karagdagang atensyon dahil sa kanilang kakayahan sa lengguwahe ay idinidirekta sa edukasyong paghahanda. Ang lawak ng edukasyong paghahanda ay tugma sa syllabus ng isang taon ng pag-aaral. Ginagamit ito sa pagkatuto ng wikang Finnish at iba pang kakayahan na kailangan sa pagdalo sa paaralan. Ang mag-aaral ay maaaring lumipat sa preschool o pangunahing edukasyon bago pa man matapos ang taon ng pag-aaral, kung siya ay handa na.

Pag-aaral ng katutubong wika

Ang pag-aaral ng katutubong wika ay akma sa komprehensibong edukasyon at mayroon nito para sa mga mag-aaral na ang pangunahing wika ay hindi Finnish o Swedish. Ang layunin ng pag-aaral ng katutubong wika ay mapagtibay ang kahusayan ng mga mag-aaral sa kanilang pangunahing wika upang siya ay makapag-aral gamit ito at magamit niya ito nang produktibo saan mang lugar. Ang magulang/tagapangalaga ay dapat magsalita ng kanilang katutubong wika kasama ang bata at hikayatin at suportahan ang bata sa pag-aaral ng iba't ibang lengguwahe.

S2 na edukasyon

Ang programa ng pag-aaral ng Finnish bilang ikalawang lengguwahe at literatura (S2) ay bahagi ng syllabus ng katutubong wika at literatura. Ang mga mag-aaral na humusay na sa wikang Finnish, ngunit hindi pa makakalahok sa Finnish bilang katutubong wika na edukasyon, ay idinidirekta sa S2 na edukasyon. Sa S2 na edukasyon, pinahuhusay ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahan sa wikang Finnish upang makapagtrabaho at makapag-aral kasama ng iba mula sa pantay na simula. Ang S2 na edukasyon ay humihikayat sa mga mag-aaral na gumamit ng alam nilang ibang wika sa pag-aaral ng Finnish at iba pang asignatura.

Ang sumusunod ay maghahatid ng mas detalyadong impormasyon sa syllabus ng Finnish bilang ikalawang lengguwahe at literatura at mga bagay kaugnay sa multilingualismo sa paaralan.

Pagpili sa programa ng pag-aaral ng Finnish bilang ikalawang lengguwahe at literatura

Lahat ng mag-aaral ay dapat pag-aralan ang asignaturang katutubong wika at literatura. Ang asignatura ay naglalaman ng ibang syllabi. Ang isa sa mga ito ay Wikang Finnish at literatura (S1) at ang isa pa ay Finnish bilang ikalawang lengguwahe at literatura (S2). Ang syllabus ng Sign Language at literatura ay itinuturo rin sa Helsinki. Karaniwan, inaaral ng mga mag-aaral ang S1 o ang S2 syllabus.

Para kanino ang S2?

Ang Finnish bilang ikalawang lengguwahe at literatura (S2) ay para sa mga mag-aaral na:

- 1) Ang kanilang katutubong wika ay hindi Finnish, Swedish o isang wikang Sami o mayroong multilingwal na background
- 2) Ang kanilang kahusayan sa wikang Finnish ay hindi sapat upang pag-aralan ang syllabus ng Wikang Finnish at Literatura
- 3) Ang kanilang kahusayan sa lengguwahe ay malinaw na kulang sa ilang bahagi (pag-unawa sa pagsasalita, pagsasalita, pagsusulat at pag-unawa sa teksto).

Ang mga gurong nagtuturo sa mag-aaral ay magdedesisyon kung ang syllabus na Finnish bilang ikalawang lengguwahe ay mairerekomenda para sa mag-aaral. Gayunpaman, ang magulang/tagapangalaga ang gagawa ng desisyon sa syllabus.

Anu-ano ang mga salik na nakakaapekto sa rekomendasyon at pagpili ng S2 na edukasyon?

Ang kahusayan lamang ng isang mag-aaral sa wikang Finnish na kailangan sa pag-aaral sa paaralan kaugnay sa mga mag-aaral sa parehong edad ang nakakaapekto sa pagpili ng syllabus. Ang pagpili ng syllabus ay hindi apektado ng partisipasyon sa katutubong wikang edukasyon o sa lengguwaheng natukoy bilang katutubong wika ng mag-aaral sa Sistema ng Impormasyon sa Populasyon. Ang katutubong wika man ng mag-aaral ay Finnish, ang pagpili sa S2 syllabus ay maaari ring irekomenda sa mag-aaral batay sa kanyang kakayahan sa lengguwahe. Tulad nito, ang S1 syllabus ay maaari ring irekomenda base sa kahusayan sa lengguwahe, kahit na hindi Finnish ang katutubong wika ng mag-aaral.

Mga halimbawa ng sitwasyon kung saan irerekomenda ang S2 syllabus.

- Ang mag-aaral ay hindi matatas sa pakikipag-usap ng Finnish sa araw-araw na sitwasyon sa paaralan.
- Ang mag-aaral ay nahahirapan sa klase sa iba't ibang asignatura at sa pakikilahok sa mga aktibidad sa paaralan gamit ang Finnish.
- Ang mag-aaral ay matatas sa pagsasalita ng Finnish sa pang-araw-araw na sitwasyon, ngunit ang kanyang kahusayan ay hindi pa sapat sa pag-unawa at paggawa ng teksto sa iba't ibang asignatura.
- Ang mag-aaral ay hindi pa makapagbasa at/o makapagsulat nang mahusay sa Finnish para sa kanyang edad upang makapag-aral at makilahok nang mag-isa sa mga aktibidad sa paaralan.

Ang mag-aaral ay matututo sa pagsasalita ng Finnish, bakit siya inirerekomenda sa S2 na edukasyon?

Ang kasagutan ay karaniwang nasa pagkakaiba sa pagitan ng komunikatibo at akademikong lengguwahe na kailangan sa paaralan. Ang kakayahan sa komunikatibong lengguwahe ay ginagamit sa araw-araw na interaksyon kapag ang nagsasalita ay karaniwang tumutukoy sa mga nahahawakang bagay at gumagamit ng simpleng pangungusap. Ang kakayahan sa komunikatibong lengguwahe ay maaaring matutunan sa loob ng ilang taon.

Kapag mas malayo na ang narating ng mag-aaral sa kanyang pag-aaral, dapat ay mas humusay na rin siya sa lengguwahe ng tukoy na asignatura at lengguwahe sa iba't ibang konteksto. Ang mas may edad na mga mag-aaral ay mangangailangan ng lengguwaheng naglalaman ng maraming abstract na ekspresyon, kasanayan sa mga salita, at mga konsepto at uri ng salitang kaugnay sa iba't ibang asignatura. Ang pag-aaral ng kasanayan sa lengguwahe para sa akademikong paaralan ay karaniwang umaabot sa lima hanggang pitong taon.

Ang magulang/tagapangalaga ay gagawa ng desisyon sa pagpili ng syllabus base sa ibinigay na impormasyon

Ang magulang/tagapangalaga at ang guro ay magtutulongan sa pagpili ng syllabus (S2 o S1) ng asignaturang katutubong wika at literatura. Tutukuyin ng mga guro ang pinakaangkop na syllabus para sa bawat mag-aaral at irekomenda ito sa mga magulang/tagapangalaga. Gayunpaman, ang magulang/tagapangalaga pa rin ang gagawa ng desisyon. Ang pagtukoy sa tamang syllabus ay batay sa kahusayan ng mag-aaral at ang mga kinakailangan ng linggwistika sa mga mag-aaral sa ganoong edad. Ang kakayahan ng mag-aaral ay susuriin sa bawat bahagi ng kahusayan sa lengguwahe.

Ang pagpili sa syllabus ay hindi lubos na permanente, ngunit kapag sapat na ang pag-unlad sa kahusayan ng mag-aaral, siya ay maaari at dapat nang lumipat sa S1 syllabus. Nangangailangan ito ng muling pagsusuri sa kakayahang linggwistika ng mag-aaral sa iba't ibang bahagi ng lengguwahe. Ipaupunawa ng mga guro sa mga magulang/tagapangalaga ang mga layunin ng S2 na edukasyon, paano tuturuan ang mga mag-aaral at bakit ito magiging benepisyal para sa mag-aaral.

Ang Finnish bilang ikalawang lengguwahe na edukasyon ay hindi isang anyo ng remedial na pagtuturo. Ang parehong bilang ng oras ay inilaan para sa S1 at S2 syllabi. Tulad sa mga mag-aaral ng S1 syllabus, ang mga mag-aaral ng S2 na edukasyon ay maaaring makatanggap ng remedial na pagtuturo sa iba't ibang asignatura pagkatapos ng oras sa paaralan, kung kinakailangan. Maaaring suportahan ng mga guro ang mga mag-aaral sa kanilang pagsisikap na maabot ang mga layunin ng kurikulum sa pamamagitan ng remedial na pagtuturo.

Ang S2 syllabus at karagdagang pag-aaral

Ang mga mag-aaral sa bokasyonal at mas mataas na sekondaryang paaralan ay maaari ding mag-aral ng Finnish bilang ikalawang lengguwahe. Kung ang kakayahan ng mag-aaral sa lengguwahe ay hindi sapat para sa bokasyonal na pag-aaral o edukasyon sa mas mataas na sekondarya, siya ay maaaring mag-aplay para sa paghahandang edukasyon para sa mga programang patungo sa kwalipikasyon sa mas mataas na sekondarya (edukasyong TUVU na magsisimula sa taglagas ng 2022), na naglalayong mapagbuti ang kakayahan sa lengguwahe at iba pang kinakailangang kakayahan sa pag-aaral. Ang mga mag-aaral ay maaaring kumuha ng pagsusulit sa matrikula ng Finnish bilang ikalawang lengguwahe sa katapusan ng kanilang pag-aaral sa mas mataas na sekondarya.

Inirekomenda ng Finnish National Board of Education na ang mga institusyon ng mas mataas na edukasyon ay magbigay ng pantay-pantay na pagtrato sa mga mag-aaral na nakakumpleto ng S2 at S1 na pag-aaral sa proseso ng aplikasyon. Ang layunin ay maalisi ang alinmang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang landas ng edukasyon. Ang mga kasanayan sa pagmamarka nga mga institusyon sa mas mataas na edukasyon ay iba-iba, ibig sabihin, ang kasalukuyang sitwasyon ay dapat beripikahin sa pamamagitan ng pagkontak sa guidance counsellor, halimbawa.

Pagtuturo, pagsusubaybay sa kakayahan sa lengguwahe at pagpapalit ng programa ng pag-aaral

Mahalaga na ang impormasyong naipon sa pag-unlad ng mag-aaral ay maililipat sa mga bagong guro kapag ang mag-aaral ay nagsimula na sa bagong pagkatuto, nagpalit ng grupo o paaralan o nagkaroon ng bagong guro. Kapag ang mga guro ay mayroon ng mga mahahalagang impormasyon kaugnay sa kakayahang linggwistika, kahusayan at alinmang kailangan ng suporta mula sa simula, sila ay makakapagplano ng edukasyon upang ito ay ganap na maiangkop para sa mag-aaral. Mahalagang masiguro ang tuluy-tuloy na pag-unlad ng mag-aaral sa linggwistika sa buong pagsasalin ng impormasyon.

Kinikilalang suriing mabuti ng guro ng S2 at guro ng klase o tagapagturo ang mga dokumento kaugnay sa bagong mag-aaral, tulad ng pagsusuri sa kahusayan ng lengguwahe na naka-rekord sa plano ng edukasyon, at sinusuri ang kakayahan ng mag-aaral sa lengguwahe, kung kinakailangan. Sinusubaybayan din nila ang pag-unlad ng mag-aaral sa linggwistika sa loob ng pangunahing edukasyon. Ang pag-unlad ng iba't ibang bahagi ng kakayahan sa lengguwahe ay sinusubaybayan din upang masiguro na ang syllabus na sariling wika at literatura (S1 o S2) ay angkop para sa mag-aaral. Ang syllabus ay babaguhin, kung kinakailangan.

Kung nagdesisyon ang mga guro, base sa kanilang obserbasyon, na irekomendang baguhin ang syllabus ng mag-aaral, ito ay tatalakayin kasama ang mag-aaral at magulang/tagapangalaga nito. Ang magulang/tagapangalaga ay kailangang lumagda sa pormas kaugnay sa pagpapalit ng syllabus, kung siya ay sang-ayon. Ang magulang/tagapangalaga ay maaaring magtanong ng batayan kung bakit ang partikular na syllabus ay inirekomenda para sa kanyang anak. Ang magulang/tagapangalaga ay maaari ding humiling sa mga guro na suriin ang kaangkupan ng syllabus at pag-isipan kung inirekomenda nilang baguhin ang syllabus.

Ang mga pagbabago sa syllabus ay posible sa panahon ng pangunahing edukasyon, maliban sa ika-siyam na grado. Ang mga syllabi ay pangunahing pinipili para sa mahabang panahon upang masiguro na ang pag-unlad ng kahusayan sa lengguwahe ay makakagawa ng maayos na pagpapatuloy. Ang pagtataya sa asignaturang sariling wika at literatura ay batay sa layunin ng syllabus na inaral ng mag-aaral.

Ang paaralan ay maaaring mag-organisa ng S2 syllabus na edukasyon sa ibang paraan depende sa bilis ng pag-unlad ng kakayahan ng mag-aaral at sa kinakailangan nitong suporta sa linggwistika. Halimbawa, ang mag-aaral ng S2 syllabus ay maaaring mag-aral nang higit pa o mas kaunti sa parehong grupo ng mga mag-aaral ng S1 syllabus. Ang mga paaralan ay may iba't ibang kasanayan sa kung paano nila isinasaaayos ang pagtuturo. Sa ibaba ay makikita mo ang paglalarawan kung paano karaniwang isinasagawa ang S2 na edukasyon.

Ang S2 syllabus sa kurikulum

Ang mga layunin ng syllabus na Finnish bilang ikalawang lengguwahe at literatura sa kurikulum ay bahagyang katulad sa syllabus na Lengguwaheng Finnish at literatura. Gayunpaman, ang mga mag-aaral ng S2 syllabus ay hindi inaasahang makakuha ng lahat ng kakayahang tulad sa mga mag-aaral ng S1 syllabus.

Ang espesyal na tungkulin ng S2 syllabus ay mapabuti ang kakayahan sa lengguwahe kaugnay sa kahusayan ng mag-aaral at masuportahan ang multilinggwal na pagkakakilanlan at kagalingan ng mag-aaral. Ang layunin ay makatulong sa mag-aaral na maabot ang sapat na kahusayan sa lengguwahe para sa iba't ibang asignatura at maihanda ang mag-aaral para sa mga pag-aaral sa hinaharap (bokasyonal, mas mataas na sekondarya at mas mataas na edukasyon). Ang syllabus ay nagbibigay sa mag-aaral ng mga kagamitan upang maipagpatuloy ang pagpapaunlad ng kaniyang kakayahan sa lengguwahe para sa kinabukasan.

Pinatitibay ng S2 syllabus ang positibong imahe ng mag-aaral sa kanyang sarili bilang tagapagsalita at tinutulongan itong tukuyin ang kanyang sariling kakayahan pati na rin sa walang takot na paggamit ng lengguwahe. Ang mga teksto sa S2 syllabus ay pinili upang mapaunlakan ang kahusayan ng mga mag-aaral sa lengguwahe. Sa mga klaseng S2, sistematikong pinapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang bokabularyo at tinatalakay ang kahulugan at pagkakaiba-iba ng mga kahulugan ng mga salita at parirala, maging ang pagkukumpara sa mga paraan ng ekspresyon sa iba't ibang lengguwahe.

Ang mga paksa sa S2 syllabus ay may mga teksto sa iba't ibang asignatura at media, personal na buhay, araw-araw na buhay sa paaralan at paninirahan bilang miyembro ng lipunan. Palalawakin nito ang mga paraan kung saan magagamit ng mga mag-aaral ang lengguwaheng Finnish sa labas ng paaralan. Ang mga mag-aaral ay inuutusang magpahayag ng kanilang sariling opinyon at nararamdaman sa paraang angkop sa sitwasyong nagaganap at magbasa ng iba't ibang uri ng teksto, tulad ng mga libro.

Mga pamamaraan sa pagsasagawa ng S2 syllabus

Ang mga guro ng S2 at iba pang mga guro ay sama-sama sa pagtuturo ng iba't ibang syllabi sa loob ng asignaturang sariling wika at literatura. Ang S2 syllabus ay karaniwang itinuturo nang sabay sa S1 syllabus, sa mga klase ng sariling wika at literatura. Ang mga nag-aaral ng dalawang syllabi ay maaaring mag-aral nang magkakasama.

Kung ang syllabi ay itinuturo ng iisang guro, paplanuhin nila ang pamamaraan sa pagtuturo, mga materyal, takdang aralin at mga pagsusuri para sa mga layunin ng S2 at S1 syllabus at ayon sa kahusayan ng mga mag-aaral sa lengguwahe. Ang dalawang guro, hal. ang guro ng klase at guro ng S2, ay maaaring magturo sa iisang silid sa ilang pagkakataon. Sa ganitong pagkakataon, ang guro ng S2 ay magpopokus sa mga mag-aaral ng S2 syllabus.

Minsan ay angkop din ang pagtuturo ng guro sa S2 ng ilan sa S2 syllabus sa hiwalay na grupo, hahayaan nitong maituon ang instruksyon sa mga bahaging pina-ka-kailangan ng mag-aaral. Saan mang grupo natanggap ng mag-aaral ang kanyang S2 syllabus na edukasyon, ang kanyang kakayahan at progreso ay susuriin ayon sa mga layunin ng S2 syllabus sa kurikulum. Ang mga gurong nagturo sa mag-aaral ay sama-samang magpapalano ng pagsusuri.

Ang sumusunod ay isang listahan ng mga halimbawa kung paano isinasakatuparan ang S2 na edukasyon sa mga paaralan. Ang mag-aaral ay makikilahok sa edukasyon na isinaayos sa iba't ibang paraan sa loob ng kanilang panahon sa paaralan, base sa kanilang mga kinakailangan sa pag-aaral.

1.) **Mga indibidwal na takdang aralin sa sariling wika at literaturang mga klase**

Isang guro ang magtuturo batay sa mga layunin ng S1 at S2 sa loob ng klase. Ang mag-aaral ay bibigyan ng mga materyal sa pagkatuto at mga takdang aralin na angkop sa kanyang antas ng kahusayan.

2.) **Magkasamang pagtuturo**

Ang guro ng S2 at ang guro ng klase/S1 ay sabay na magtuturo sa buong grupo at isasaalang-alang ang syllabus ng S1 at S2 sa iba't ibang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa kanilang pagtuturo.

3.) **Bahagyang hiwalay na grupo**

Ilan sa mga edukasyon ay mayroong mga indibidwal na takdang aralin sa pinagsamang klase ng sariling wika at literatura at ilan sa mga edukasyon ay mayroong pagtuturo sa hiwalay na grupong S2. Isang guro ang oobserba sa parehong syllabi sa pinagsamang klase.

4.) **Hiwalay na grupo ng S2**

Ang mga mag-aaral ng S2 syllabus ay tinuturuan sa kani-kanilang grupo sa isang panahon ng ebalwasyon o akademikong taon.

5.) **Pagtuturo kasama ng suportang linggwistika sa iba't ibang asignatura**

Maliban sa guro ng klase o asignatura, maaari ding lumahok ang S2 na guro sa mga aralin ng asignatura. Sa ganitong pagkakataon, parehong kabilang sa mga layunin ng edukasyon ang S2 syllabus at mga layunin ng asignatura sa paaralan, tulad ng kakayahan sa mga salita ng asignatura.

Multilingualismo sa paaralan

Ayon sa Basic Education Act, ang lengguwaheng ginagamit sa pangunahing edukasyon ay dapat na Finnish o Swedish (sa edukasyong Swedish ang sinasalita). Ang kahusayan sa lengguwaheng Finnish o Swedish ay isang mahalagang layunin pagdating sa lahat ng pag-aaral. Ang iba pang mga lengguwahe ay maaari ding gamitin sa pagtuturo. Kapag nagagamit at napapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang alam na lengguwahe sa tahanan, sa paaralan at sa kanilang libreng oras sa mahusay na paraan, sinusupportahan nito ang pagkatuto sa iba't ibang lengguwahe pati na ang iba pang asignatura.

Maaaring gamitin ng mga multilinggwal na mag-aaral ang kanilang alam na lengguwahe bilang suporta sa kanilang natututunan sa paaralan. Ang mga mag-aaral ay maaaring maghanap ng impormasyon at konsepto ng isang asignatura sa iba't ibang lengguwahe gamit ang diksyunaryo sa iba't ibang aralin o tumalakay sa paksa ng klase gamit ang iba't ibang lengguwahe maliban sa Finnish. Maaari ring gamitin ng mga magulang/tagapangalaga ang mga lengguwaheng ginagamit sa tahanan kapag tinatalakay ang iba't ibang asignatura sa paaralan kasama ang kanilang mga anak.

Ang abilidad sa mahusay na pakikipag-usap sa dalawa o higit pang lengguwahe sa iba't ibang sitwasyon ay tinatawag na functional multilingualism. Hindi pinaghihiwalay nang buo ng mga mag-aaral na may functional multilingualism ang mga lengguwahe, hindi iisa ang lengguwaheng ginagamit sa tahanan at iba naman sa paaralan o sa lipunan, sa halip, pinagsama-samang lengguwahe ang nagagamit sa iba't ibang sitwasyon. Layunin ng edukasyon na mapagtibay ang functional multilingualism ng mag-aaral.

Ang pagkatuto ng tungkol sa iba't ibang lengguwahe at pagkukumpara sa mga ito ay nagpapahusay ng abilidad sa pagtukoy at pagkatuto sa mga bagay na kaugnay sa lengguwahe. Magagawa rin ito ng pag-aaral sa iba't ibang baryasyon ng isang lengguwahe. Sa pamamagitan ng pagtrato sa mga lengguwahe at mga variant nito nang pantay-pantay, aktibo nating tinatangal ang pagtatangi sa mga lengguwahe/variant at sa mga nagsasalita nito (hal. British English, American English o iba't ibang baryasyon ng katutubong wika).

Mahalaga para sa mga mag-aaral ang patuloy na pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa Finnish maging sa ibang mga lengguwahe na maaari nilang gamitin sa kanilang tahanan o sa kanilang libreng oras. Mahalaga ang pakikiisa sa instruksyon sa sariling wika ng isang indibidwal. Ang paggamit ng lengguwahe sa bahay lamang ay hindi magpapaunlad nang sapat sa kahusayan ng mag-aaral sa lengguwahe. Kapag ang mag-aaral ay gumagamit ng kanyang alam na iba't ibang lengguwahe sa kanyang pag-aaral, tumataas ang kaniyang kumpiyansa sa sariling kakayahan.

Ang tungkulin ng mga magulang/tagapangalaga sa pagsuporta sa kahusayang linggwistika

Pagpapanatili ng kahusayan sa katutubong wika

Ang pagpapabuti at pagpapanatili ng katutubong wika ay pangunahing responsibilidad ng mga magulang/tagapangalaga. Sa mga pamilyang ang mga magulang/tagapangalaga ay may magkakaibang sariling lengguwahe, ang bawat magulang/tagapangalaga ay maaaring gumamit ng kanilang sariling lengguwahe.

Ang pagbibigay-diin sa mga kamalian o pagpilit sa isang tao na magsalita ng isang lengguwahe ay hindi benepisyal sa pagpapaunlad ng kakayahan sa lengguwahe, lalo na sa mga maliit na bata. Ang mga maliit pang bata ay hindi pa maalam sa paggamit ng kanilang sariling lengguwahe sa ganitong paraan. Kailangan lamang ulitin ng nakatatanda ang sinabi ng bata sa tamang paraan at sistematikong salitain ang kanilang sariling lengguwahe.

Pagdating sa pagpapahusay ng lengguwahe, walang anumang panganib sa kung anong lengguwahe ang unang matututunan ng batang basahin, halimbawa. Ang pinakamahalagang bagay ay ang pagkatuto nilang magbasa at magsanay sa pagbabasa. Ang mga bata ay dapat bigyan ng iba't ibang materyal (libro, musika, video, aktibidad) sa kanilang sariling lengguwahe. Kung walang available na materyal, ang materyal sa ibang lengguwahe ay maaari ring gamitin (hal. Finnish). Bibigyan nito ang bata ng pagkakataong magkumpara at maging maalam sa iba't ibang lengguwahe. Natural na ang mga pamilyang multilinggwala ay nagsasalita ng iba't ibang lengguwahe sa isang pagkakataon.

Ang kahusayan sa sariling lengguwahe ay maaaring masira, maliban kung pinamuhunan ang pag-unlad sa lengguwahe. Ang pakikiisa sa instruksyon sa katutubong wika ng bata ay isang mahalagang oportunidad upang mapaunlad ang bokabularyo at abilidad sa pagpapahayag ng sarili kasama ng kakayahang linggwistika.

Mga payo sa pagsuporta sa pagpapahusay ng katutubong wika

- I-enrol ang iyong anak sa kanilang katutubong wikang edukasyon, kung maaari.
- Gumamit ng materyal sa lengguwahe ng pamilya na matatagpuan sa [Helmet library](#) at sa [Multilingwal na Aklatan](#).
- Manood ng mga programa kasama ang iyong anak at talakayin ang mga kaganapan habang kayo ay nanonood at pagkatapos nito.
- Maglaro, kumanta, at tumula sa inyong katutubong wika. Ang paglalaro sa lengguwahe, mga biro at paglalaro ng salita, partikular, ay nagpapahusay sa kakayahan sa linggwistika.
- Talakayin ang mga aktibidad na sinalihan ng iyong anak sa iyong sariling lengguwahe. Dapat niyong pag-usapan ang tungkol sa paaralan, partikular, upang tulungan ang batang matuto ng bokabularyo na konektado sa buhay sa paaralan.
- Subukang maghanap ng mga pamilya at mga taong gumagamit ng katulad na lengguwahe at mag-organisa ng mga aktibidad na maaari ninyong gawin nang magkasama, hal. pagpupulong sa aklatan. Ang Lungsod ng Helsinki ay may maraming pasilidad na maaaring ireserba nang libre sa [Varaamo website](#).
- Sa kasalukuyan, ang mga bata ay maaari na ring sumali sa remote learning, at marami nang bansa ang nag-oorganisa ng remote language classes nang walang bayad. Suriin kung mayroon nito para sa iyo.
- Subukang maghanap ng mga libangan sa iyong lengguwahe. Ang guro, instruktur o coach ay maaaring magsalita ng katulad na lengguwahe sa iyo.
- Ituro sa pamamagitan ng halimbawa na ang multilingwalismo ay maaaring maging lakas na magagamit sa maraming paraan.

Mga payo tungkol sa pagsuporta sa kakayahan sa lengguwaheng Finnish

Maaaring suportahan at hikayatin ng mga magulang/tagapangalaga ang kanilang anak sa pag-aaral anuman ang kanilang sariling antas ng kakayahan sa lengguwaheng Finnish. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng interes sa at respeto para sa mga pag-aaral sa lengguwaheng Finnish at pag-aaral gamit ang Finnish, maipapahayag ng mga magulang/tagapangalaga kung gaano kahalaga ang bagay na ito. Karagdagan, maaaring gabayan ng mga magulang/tagapangalaga ang kanilang anak upang makisali sa mga aktibidad na nagpapabuti ng kakayahan sa Finnish sa kanilang libreng oras. Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga payo.

Napakahalaga na tinuturuan ng magulang/tagapangalaga ang bata sa pamamagitan ng halimbawa na ang mga bagong lengguwahe ay dapat paghusayin at gamitin nang walang takot, dahil ang natatanging paraan upang humusay sa isang lengguwahe ay ang paggamit nito. Nangangahulugan ito na sa pag-aaral ng mga lengguwahe, dapat mong sanayin ang paggamit ng lengguwahe sa iba't ibang sitwasyon at huwag nang patagalin hanggang sa mapagtanto mo nang ang iyong kakayahan ay 'sapat na.'

Ang bata ay dapat na hikayating magbasa ng Finnish. Ang pagbabasa ay nagpapahusay sa kakayahan sa lengguwahe, at ang abilidad sa mahusay na pagbabasa ay susi sa lahat ng pagkatuto. Kung ang magulang/tag-apangalaga ay nag-aalala sa kakayahan ng kanilang anak sa lengguwahe, dapat nilang kontakin ang paaralan at humingi ng payo.

Benepisyal para sa mga bata pagdating sa pag-aaral ng Finnish ang pagkakaroon ng mga kaibigang nagsasalita ng Finnish. Ang mga magkakaibigan ay hindi kinakailangang magsalita ng Finnish bilang kanilang pangunahing lengguwahe. Ang mga grupo ng libangan sa wikang Finnish (isport, pagbabasa, musika, mga iskaut, atbp.) ay maaaring maging benepisyal sa pag-aaral ng lengguwahe.

Maaari ka ring sumali sa mga libreng aktibidad ng libangan.

- Maaari kang maghanap ng libangan gamit ang [Harrastushaku website](#). Mayroon ding magandang seleksyon ng mga libreng libangan. Ang ilang mga asosasyon, tulad ng [Save the Children](#), ay nag-aalok ng suporta sa mga libangan.
- [Ang mga youth centre](#) na pinangangasiwaan ng Lung-sod ng Helsinki at iba't ibang pasilidad ng mga aktibidad ay nakalista sa [Harrastustoiminta website](#). Ang mga Youth Centre ay nag-aalok ng mga pasilidad kung saan ang mga bata at kabataan ay maaaring sumali sa mga aktibidad at gumugol ng oras kasama ang ibang mga bata at kabataan sa isang ligtas na kapaligiran.
- [Ang mga palaruan](#) ay nag-oorganisa ng iba't ibang aktibidad sa tag-init at libreng pananghalian para sa mga batang edad 16 pababa.
- [Ang Summer camps](#) website ay isang piangsamang serbisyo hatid ng mga organisasyong nag-aalok ng mga camp sa Finland para sa mga bata at kabataan.
- [Maaari mong iboluntaryo](#) ang iyong sarili o kasama ang iyong anak.
- Libreng sports clubs para sa mga tao sa iba't ibang edad: [Easysport](#).

Matututo ka ng Finnish gamit ang TV (kabilang ang mga programa online) sa isang masayang paraan

- [Yle Areena \(Lasten Areena, Pikku Kakkonen, Yle Galaxi\)](#).
- Gumamit ng Finnish subtitles sa mga serbisyo at pelikulang hatid ng Yle.
- Ang mga bata ay matututo sa iba't ibang gamit ng Finnish at iba pang mga lengguwahe sa social media (TikTok, Instagram, YouTube, mga blog).
- Ang mga bata ay maaaring gumamit ng Finnish sa mga platform ng paglalaro kasama ang mga kaibigan online.

Mga aklatan at literatura:

- [Ang mga libreng may madaling lengguwahe](#) ay makakatulong sa lahat ng nag-aaral ng lengguwahe, dahil ang mga ito ay nakasulat sa simpleng lengguwahe. Ang ibang mga literatura ay dapat ding basahin. Ang parehong libro ay maaaring basahin sa katutubong wika at sa Finnish. Ang mga aklatan ay nag-aalok din ng [maraming uri ng mga aktibidad sa tag-init](#).
- Ang iba't ibang mga diploma (tulad ng [Finnish bilang ikalawang lengguwahe diploma sa pagbabasa](#)) ay nanghihikayat sa mga bata upang magbasa.

Mga online na materyal sa pagkatuto upang masuportahan ang kahusayan sa wikang Finnish

Elementarya at pangunahing antas na mga pagsasanay para sa mga bata at mga kabataan

- ang Puhutaan website
- [Papumarket](#)
- [Tähtijengi - kielen supersankarit](#) (naililimbag na materyal).

Elementarya at pangunahing antas na mga pagsasanay para sa mga kabataan at nakatatanda

- [ang suomitaskussa.eu website](#)
- [ang Osaan suomea website](#)
- [ang Supisuomea website](#)
- [Asiointisuomea sa Yle](#)
- [ang Ymmärrä suomea website](#)
- [Mga Pagsasanay para sa Finnish National Certificates of Language Proficiency](#)
- [mga online na kurso sa silid-aklatan kasama ng library card](#)
- [ang materyal sa pag-aaral na Käts – Käytännön suomea, kabilang ang mga pagsasanay sa pag-unawa sa pakikinig](#)
- [pakikinig sa mga Suomen mestari na mga libro](#) (nangangailangan ng rehistrasyon)
- [Moninet](#)
- [Mga Pariralang Finnish](#).

Helsinki